


ARAW NG MGA NANAY

 . . . tabernakulo, ang aking dalangin. Tunay na natutuwa ako sa umagang ito, na makita ang espirituwal na paglago ng tabernakulong ito, at kung papaanong, 'yang karatula sa labas, na haya't naghahanda na sila para magtayo ng bagong bahay-sambahan. Sa palagay ko'y kailangan ito. At para matiyak na pagkatapos. . . kung ang Panginoong Jesus ay magtatagal pa, matapos na tayo'y wala na rito, sila nama'y. . . ang mga anak-anak natin ay magkakaroon ng dako na pupuntahan bilang simbahan. At nagsisikap nga tayo na "makipaglabang masikap para sa Pananampalatayang ibinigay na minsan sa mga banal." Kaya iniisip ko na mainam na bagay ito.

² At nung papasok po ako rito, kani-kanina, para maidagdag lamang sa napakarami ng mga patotoo na naipatotoo na rito tungkol sa mga pagpapagaling, sa huling ilang mga pagtitipon, dito sa tabernakulo rito. Sadya ngang patuloy ang pagdagsa nito, ng mga pagpapagaling, na mga dakilang mapaghimalang mga pagpapagaling.

³ Pinaiwan ko muna ang asawa ko riyang sa labas, ngayon-ngayon lang, at ang mga bata sa may—sa may pinto; at may kapatid na babae po riyang, na nakaupo ngayon, na ganoon na lamang ang kanyang pananabik na siya'y napaiyak, dahil sa dakilang himalang nangyari sa kanyang munting apo na lalaki, sa malayong dako man ng, sa palagay ko, sa Chattanooga. Gng. Nash, na narito, ang munti mong apo na lalaki ay nagdurusa talaga sa kung anong karamdaman, at nung huling pagtitipon dito, ang Panginoong Jesus, sa tingin ko, ay tinawag 'yun, at ang sabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, na, ang sakit na ito'y wala na. At siya'y iigi na ang lagay." At 'yung munting batang lalaki ay ganap na normal na't magaling na, na talagang magaling na magaling na ang kalagayan niya.

At ito'y—ito'y sadya nga namang kapana-panabik talaga, ang mapakinggan ang mga pagpapatotoong 'yun.

⁴ At hayang din po ang isang kabataan, na narito ngayon, na humiling ng panalangin para kay Gng. Stotts, na sumailalim kamakailan lang sa isang operasyon. At may pagnanais sila; kita n'yo, kung walang magnanais na maipanalangin natin sila, baka sila'y. . . ipinapakita lang n'yan, na basta't nagsusumikap ka, may mga taong magnanais na maipanalangin mo sila, na haya't sila'y, may pagnanais, kita n'yo. Kung minsa'y nagiging mabigat na po, na anupa't. . . di naman sa mabigat talaga, pero sadyang napakarami, na talagang mapapapunta ka na lang sa kung saan at mapapayuko ka na lang ng ulo, at magtatago ka

nang kaunti, para makahinga-hinga naman. Pero, ako—ako’y tunay na natutuwa na nagnanais pa rin sila. Huwag na huwag n’yong iisipin na di ko sila gustong kaharapin, dahil kung sila . . . kung wala nang nagnanais pa na maipanalangin ko sila, nasaan na sana ngayon ang pagmi-ministeryo ko? Kita n’yo? Kita n’yo?

⁵ Pero minsan nasasabi n’yo tuloy, “Kapatid na Branham, di ko maintindihan na kapag may mga taong dumadaing na na tulad n’yan, haya’t—haya’t nawawala ka na lang daw bigla sa kung saan.” Kailangan ko pong gawin ’yun para makahinga-hinga naman, para makapanalangin pa sa lahat ng mga tao. Huwag n’yo pong isipin na dito . . . Di lang po—di lang po kasi ito sa iisang lugar, dito. Sa buong mundo po ito. Kita n’yo? At—at tunay na mahirap po talaga. At nakakatiyak naman ako na nauunawaan n’yo ’yan.

⁶ Oh, napaka inam po talaga na maging isang Cristiano! Di ko talaga alam kung paano nang gagawin ko kung di lamang kay Cristo, at maging . . . at ang magkaroon din ng pakikipag-ugnay sa kapwa Cristiano, na, mga taong katulad sa katangi-tanging Pananampalatayang ito, na mga sumasampalataya sa Diyos at nagtitiwala sa Kanya; at naniniwala na may darating na isang maluwalhating araw na tayo’y tapos na sa lahat ng pagbabakang ito, at nakamit na ang pananagumpay, at tatayo na pawang mga tinubos na sa wangis Niya, sa kabilang ibayo.

⁷ At heto rin po na gusto kong bumanggit muna ng kaunting pabatid, na, sa pagpapatayo ng tabernakulo, at iba pang bagay, ako . . . kami’y may ginagawang pagsisimula-uli sa foundation po natin, lalong-lalo na sa bahagi ko sa mga malakihang mga gawain sa labas. Sa lahat ng mga nagdaang mga pagtitipon, mula ng simulan ko ito, itong mga pagi-ebanghelyong bahagi, mga ilang taon na rin ang nakararaan, na imbis na bumuo ng isang foundation, na may ibang grupo ng tao ang hahawak, dito na mismo sa grupong kilalang-kilala ko na noon pa man ang pinahawak ko; at mula . . . at bumuo ng isang foundation, na ang lahat ng mga pagtitipon ko ay dadalhin sa ilalim ng pangalan ng Branham Tabernacle. At ’yung pangalan na ’yun ang gagamitin sa Union National Bank dito sa New Albany, na ang mga pondo ay doon babayaran—babayaran na padadaanin dun, nang sa gayon di ito bubuwisan. Kung di dadaan dun, lahat ng perang malilikom ay bubuwisan sa akin, kung di ko gagamitin ang Branham Tabernacle bilang isang foundation.

⁸ Marami sa inyo ang narinig na nung ipabatid ko ito, mga ilang beses na rin sa tuwina. Kinakailangan ko pong gawin ito, at para . . . para gawin ’yun. At heto—heto rin na nagpapasimula kami ng isang bagong foundation ngayon. At gusto nga namin na mas marami ang makaalam na ako’y . . . Ilan na po ba ang nakarinig sa ipinabatid kong ’yun, na lahat ng ibinabayad sa akin, sa pagtratrabaho ko sa Branham Tabernacle? Itaas n’yo

lang ang inyong mga kamay, lahat ng . . . Siyanga nama't, lahat kayo. Lahat po.

⁹ At kaya po pagkatapos ng gawain, kung mamarapatin n'yo, may kaunting pabatid na dokumento po ako riyan, para inyo pong, mapirmahan n'yo sa paglabas n'yo. Pupuwesto sa likod si Kapatid na Roy Roberson.

¹⁰ Dahil, kung bubuo uli kami ng isa na namang foundation, na ganoon din naman 'yun . . . haya't panibagong foundation, na lahat ng pondo natin at mga bagay-bagay, na nalilikom mula sa pagtitipon, para hindi mabuwisan, ay . . . ilalagay din naman, gaya ng dati, sa Union National Bank, para ang tabernakulo na mismo ang mangasiwa rito, imbis na bubuo pa ng isa—isa na namang foun-. . . panibagong foundation. Dahil, isa naman na itong foundation, na ipinangalan sa Branham Tabernacle, kita n'yo. At kung magkakaroon pa ng Branham *dito* at Branham *doon*, at kung ganito, at may iba't ibang foundation pa ay di nga 'yun maganda.

¹¹ Si Kapatid na Roberson ang mag-aasikaso, na pupuntahan n'yo riyan, sa paglabas n'yo mamaya. Ikalulugod po namin ang pakikiisa n'yo.

¹² Ngayon, sa umaga pong ito, bago tayo magtuluy-tuloy sa gawain, gusto ko pong iparating, na loobin ng Panginoon, na sisikapin ko pong makabalik uli mamayang gabi. Di ko po sana gustong kunin ang dalawang pagtitipon mula kay Kapatid na Neville, pero kanya ngang bukas-palad na hiniling sa akin na mangusap uli ako mamayang gabi. At kaya naman kung loobin ng Panginoon, gusto kong mangusap mamayang gabi patungkol sa isang pagi-ebanghelyong paksa, na pinamagatang ganito: *Sino Ito? Kita n'yo? Sino Ito?*

¹³ At sa umaga namang ito, gusto ko namang . . . Binubulay ko nga na—na mangusap sa umagang ito patungkol sa isang paksa ng Araw ng mga Nanay. At alam ko na itong hapon na ito at maging itong umaga ay punung-puno ng mga programa para sa Araw ng mga Nanay. Kaya naisip ko na gusto kong tila ilakip ang isang bagay na ito, dahil nag-aasam tayo na manalangin para sa mga maysakit pagkatapos na pagkatapos ng gawain na ito, at gaya sa tuwina.

¹⁴ Nananampalataya tayo na ang Diyos ay tagapagpagaling, at pinagagaling Niya ang mga maysakit at nagdadalamhati. At alam ko na ginagawa nga Niya. At walang halong anumang— anumang pagdududa, sa bagay na ito, dahil napakaraming mga patotoo ang nagsisidagsa, na haya't alam natin 'yan.

¹⁵ Kahapon inuusisa ko 'yung isang sako na itinabi ni Kapatid na Gene at Leo, na puno ng mga patotoo na nakalap nila. At isa nga 'yung napaka inam na sangsako ng katangi-tangi't, mapag himalang mga pagpapagaling na ginawa ng Panginoon para sa mga tao.

¹⁶ At naisip ko, kung ganoon nga 'yun, ano kaya kung kinalap natin ang lahat ng mga bagay na naipangyari? Sa palagay ko, sa Puerto Rico at Jamaica, pa lang, marahil may sampung libo, o baka higit pa, ang katangi-tanging mga patotoo, patungkol sa pagpapagaling ng Panginoon, na mga bagay na ginawa Niya.

Ngayon bago natin buklatin ang Aklat, dumulog muna tayo sa May-Akda.

¹⁷ Panginoon, lubos-lubos ang pasasalamat po namin sa Iyo, na heto nga, na sa tuwing iyuyuko namin ang aming mga ulo, sadya ngang nauutal kami sa kung ano bang mga salita ang dapat naming sabihin; dahil naniniwala po ako na di kaya ng pantaong mga labi para ihayag ang nadarama ng puso ng isang lalaki o isang babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na nagkaroon ng pakikipag-ugnay sa Iyo. Na maihayag namin ang aming pagsamba, kung gaano Ka naming sinasamba, at kung gaano Kang mahalagang-mahalaga sa amin. Kami'y inihawalay nito sa kasalanan, at kami'y inihawalay nito sa sanlibutan. At ito'y naghatid sa amin ng isang bagay na Walang Hanggan at pinagpala. At wala kaming mahagilap na anumang mga salita na sasapat.

¹⁸ Katulad po ng sinabi minsan ng isang kagalang-galang na lalaki, nitong nakaraang mga ilang linggo lang, na siya nga'y may kakayahan na makapagsalita nang matatas sa halos siyam na iba't ibang lingguwahe, na humahawak pa siya ng posisyon niya bilang tagapayo sa kalugud-lugod naming Presidente, na si Dwight Eisenhower. At nakakapagsalita man siya sa siyam na iba't ibang lingguwahe, nang matatas; ang sabi niya, nung matanggap niya ang Espiritu Santo, sinubukan niya ang bawat siyam na ito, at wala ni isang salita na mahagilap siya, wala ngang kahit ano para maipahayag niya mismo, at kaya Iyong pinagkalooban siya ng bagong lingguwahe para magpahayag at magpasalamat siya sa Iyo gamit 'yun. At ganoon na ganoon din po ang nararamdaman namin, siyanga rin po, Panginoon; na, kung ang buhay rito'y pumaram na, na haya't marahil kami'y sama-samang makapagsasalita na sa isang bagong lingguwahe, nang sa gayon maipahayag namin kung ano ang iniisip namin patungkol po sa Iyo.

¹⁹ Ngayon hinihiling po namin, Panginoon, na pagpalain Mo po ang tabernakulong ito, ang mga pastor dito, ang mga taga-pangasiwa rito, ang mga diyakono rito, lahat ng mga bumubuo rito, maging ang mga tao na bumibisita rito, na tumutuloy at dumadaan sa mga pintuan. Nawa'y masumpungan ang dakong ito sa tuwina na laging nakalaan, na isang dakong pahingahan, na ang mga napapagal ay maaaring tumuloy sa mga pintuan nito at makasusumpung ng kapayapaan sa kanilang kaluluwa. At maging ang mga maysakit sa pagpasok nila sa pintuan, at sa paglabas nila'y magaling na sila, dahil sa Presensya ng Diyos

na Makapangyarihan sa lahat na laging-narito't Siya mismo'y nakapanahan sa ilalim ng bubungan nito.

²⁰ Hinihiling namin, Panginoon, na sa parating na programa na ito ng . . . na kasalukuyang binubuo ngayon, na Ikaw nga'y makikipagtagpo sa lupon at makikipagtagpo sa lahat. At kung sadya pong nakalulugod sa Iyo ay magkaroon nawa ng tuluy-tuloy na paggunita sa pananalangin na minsang ipinanalangin sa lumang sapa na ito dati, at dating talahiban, noong araw; na ngayon ay naging isang tanglawan na ng liwanag, isang dakong pahingahan sa mga napapagal, dahil sa tugon sa panalangin na 'yun noon.

²¹ Ngayon po'y Iyong patawarin nawa kami sa lahat ng mga bagay na nagawa namin, o nasabi, o naisip, na salungat sa Iyo pong dakilang kalooban; at Iyong gunitahin, Panginoon, na di po ito nanggaling sa aming mga puso. Marahil naipakita lang namin ito sa aming kilos o sa aming mga labi. Pero, dagli-dagli, Iyo ngang pinakikinggan kami. Sa tuwing nakikita namin na kami'y mali, kami'y handang ipahayag ito. At di po namin ibig na patagalin pa ito sa aming puso, itong katampalasan, dahil nalalaman namin na di didinggin ng Diyos ang pananalangin namin kung ganoon; kaya naman lagi naming inihahayag ang aming mga pagkakamali.

²² At hinihiling po namin, Panginoon, na Iyong pagpalain, sa umagang ito, ang lahat sa buong bansa, habang ipinagdiriwang ang araw na ito ng paggugunita sa Araw ng mga Nanay. Pero nawa'y hindi lang sana ito ang maging nag-iisang—nag-iisang araw para sa mga nanay; nawa'y araw-araw ay araw ng mga nanay.

²³ Diyos, Iyo pong ipagkaloob sa umagang ito, na ang mga nanay, ang mga kababaihan, na napalayo na nang husto mula sa Diyos, na maisip nawa nila, sa umagang ito, na mapagtanto nila na ang salitang *nanay* ay ang ibig sabihin nito'y, "siya na nagsilang." Nawa'y mapagtanto niya na ang mga anak, mula sa pakikipag-isa niya sa kanyang asawang lalaki, ay mumunting mahahalagang hiyas na inilagay ng Diyos sa ilalim ng kanyang pangangalaga. Kaya naman, ipagpapalagay siya ng Diyos na may pananagutan siya sa pagpapalaki ng mga batang ito. At gaya nga ng sinasabi ng Kasulatan, na, "Ang mabuting babae, at ang nanay na ito, na tatawagin siya, na tatawagin siya ng kanyang mga anak na pinagpala."

²⁴ Oh Panginoon, heto ngang nakikita namin sa araw na ito, na ang mga kababaihan ay napapalayo na nang husto mula sa mga Kasulatan, at ang kilos ay parang marahas na! Dalangin namin, Diyos, na magbibigay Ka sa amin ng isang makalumang rebaybal na tatawag sa kanila pabalik sa kalagayan kung saan dapat sila nakaposisyon.

²⁵ Panginoon, hinding-hindi po namin, kahit anong mangyari, na kaliligtaan namin na magpasalamat sa Iyo para sa mga tunay na mga nanay, dahil nalalaman namin na mayroon nga kami na mga nabubuhay ngayon; na mga tunay, na dalisay, na mga nanay. Diyos, Iyo pong pagpalain sila. Sila'y mahahalaga pong kayamanan sa amin, at dalangin namin na patuloy Kang sumakanila sa tuwina, Panginoon, at mamuhay nawa sila nang masaya at makita nila ang bunga ng kanilang sinapupunan na naglilingkod sa Diyos.

²⁶ At dalangin namin, Diyos, na sa mga may nakakabit sa damit nila na puting rosas sa umagang ito, o puting bulaklak, na nagpapahiwatig na ang kanilang nanay ay yumao na dun sa ibayo mula sa eksenang ito ngayon; nawa, Panginoong Diyos, ang mga nanay nila'y payapang mamahinga na't ang kanilang mga pinagpagalan ay lumakip sa kanila. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

²⁷ Ngayon Iyo pong kunin ang Iyong Salita, Panginoon, at mangusap sa mga tao, at pagkalooban sila ng kaaliwan, dahil 'yan po ang dahilan ng pagkakatipon namin dito; ang madama ang Presensya Mo, makapakinig sa Iyong Salita, at mapagpala; at sa pag-alis namin dito'y maging mas maiinam na mga lalaki at babae, kabataang lalaki at babae, kumpara sa noong kami'y pumasok kanina rito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, ang Anak ng Diyos. Amen.

²⁸ Gustung-gusto ko po talaga itong pagbabasa ng Kanyang pinagpalang Salita. Kaya ngayon bubuklat tayo, sa umagang ito, sa Aklat ng Unang Mga Taga-Corinto, at magbabasa tayo ng ilang bahagi ng ika-15 kabanata, simula sa unang talata.

Ngayon, mga kapatid, ipinatatalastas ko sa inyo ang evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan;

Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo, kung mati-yaga ninyong iingat ang salita na ipinangaral ko sa inyo, maliban kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.

Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin namang tinanggap, na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan ayon sa mga kasulatan;

At siya'y inilibing, at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan;

²⁹ Marahil sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, tila yata kakaibang teksto 'yan para sa isang mensahe para sa Araw ng mga Nanay." Buweno, totoo po 'yan. Pero, alam n'yo, ang Diyos nama'y kakaiba talaga, at ang pamamaraan Niya ng paggawa sa mga bagay-bagay ay kakaiba talaga.

30 At binubulay ko, ang kaisipan, patungkol sa nanay. At ako po'y mayroon pa rin sa umagang ito, na sa biyaya ng Diyos, ay narito pa ring kapiling natin dito sa lupa. At lubos-lubos ang pasasalamat ko sa mga nanay. Pero yamang magkakaroon, din tayo, ng gawain para sa pagpapagaling, at di ko lang sigurado kung makababalik pa ako mamayang gabi, pero heto ngang naisip ko na marahil makapagpipinta tayo ng ibang pagtingin sa larawan na ito.

31 Malaki ang halaga ng isang nanay. Alam n'yo ba, na ang unang tumanggap sa inyo, sa buhay na ito, ay ang nanay n'yo. Wala pang nakahahawak sa inyo noon, dahil pinagbubuntis pa lang kayo noon, at dala-dala niya kayo sa ilalim ng kanyang puso. At siya ang kauna-unahang tao na kumikilala sa iyo, at ang una po, sa buhay na ito, na—na humahawak sa iyo. Tapos, nung mailuwal ka na, siya ang isa sa mga unang mga kamay na humahawak sa iyo at pinapahiran ang mga luha na nasa iyong mga mata. Siya ang unang tumatapik-tapik sa iyo at umiibig sa iyo, at binubulungan ka nang marahan, sa buhay na ito, ang iyo ngang nanay. Ngayon, alam ko nga na wala tayong kakayahan na sapat na parangalan ang isang nanay.

32 Ang nanay ang unang kaagapay ng bata, at nakaatang sa kanya ang malaking responsibilidad kung paano ba lalaki ang isang bata, na ito nga'y nakabatay sa kung ano ba ang unang pag-aalalay na gagawin ng nanay sa pagtahak ng batang ito sa dapat niyang tahakin. Ibinigay sa nanay ang responsibilidad, mula sa Diyos, na alalayan ang bata sa tama niyang tahakin. At kaya naman naniniwala ako na 'yan ang dahilan kung bakit ang mga nanay ay talagang may espesyal na munting iniwang marka sa bata.

33 May kilala po akong lalaki sa bayan na ito. Sa palagay ko ang nanay niya'y narito ngayon. Ang lalaki po'y kasing edad ko. Pero di ko po sinasabi ito para pighatiin ang nanay; dahil napaka rami na niyang pinagdaanang pighati, gaya ng lahat ng iba pang mga nanay. Pero hayan nga't ang lalaki'y umiinom, at malakas siyang uminom. At kapag nalalasing na siya nang husto, umuuwi nga siya't sasalampak dun sa higaan sa kanyang nanay at iniyayakap niya ang braso niya sa kanyang nanay. At ang lalaki po'y may mga apo na rin. Pero may kung ano ngang espesyal na bagay sa maski tapik-tapik lang ng isang nanay, na tila nasa ibang—ibang pedestal kumpara sa anupamang marka na iniwan ng sinupamang iba, na dito nga, dito sa buhay na ito, ng tao.

34 Alam n'yo, sa isang lalaking tulad ni Moises, siya . . . Kung may bagay nga akong masasabing mabuti sa pagkatao niya, ay dahil nga 'yan sa pagkakaroon niya ng nanay na ipinadala ng Diyos. Alam n'yo po ang kuwento sa siya 'yung nanalangin, si Jochebed, at inasam-asam niya talaga ang bata na ito. At nung maipanganak na ang batang ito, siya mismo ang bumubulong

sa kanya nang banayad, at yumayakap sa kanya't gumawa dun sa basket na daong at naglagay sa kanya dun sa mga tambo, kahit na nung mga panahon na 'yun ay parang winawarak ang puso niya. Ang nag-iisa't sarili niyang munting sanggol, at ang sanggol na ito ang—ang pinaka kagiliw-giliw na munting bata sa buong mundo. At ang mga nanay ay may pagkagiliw naman sa kung sinumang bata! Pero iba rin 'yung sariling espesyal na munting sanggol.

³⁵ At heto rin, na sa kanyang puso, ay alam niya na ang bata na 'yun ay ipinanganak para sa isang layunin, at tapos kanyang dadalhin na lamang ang sanggol at ilalagay roon sa mismong pugad ng mga buwaya, doon sa may ilog. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay ginawa niya 'yun, na may pagkabatid na may kakayahan ang Diyos na alagaan ang sanggol; at ito nga ang buod ng pagmamahal ng isang ina, at kalakip ang aksyon ng katangian ng kanyang pananampalataya. Dahil di inilalagay ng pananampalataya ang kanyang sarili sa gumuguhong mga buhangin ng mga bagay na kanyang nakikita; nakalagak nang may katiwasayan ang pananampalataya sa di nauugang bato ng Walang Hanggang Salita ng Diyos. "Sa pamamagitan ng pananampalataya," ang sabi ng Kasulatan, "kanyang nagawa ito."

³⁶ At magagawa mismo ng pananampalataya na tumayo sa ibabaw ng bato, na kahit humahampas ang malalakas na alon sa mismong patibayan nito, at titingin nang direktso sa mukha ng kamatayan at may kabatiran na sa kaunting sandali na lang ay heto na ito, pero ang pananampalataya ay may kakayahan nga na tumingin nang lampas sa ibayo ng dagat patungo sa Kanya na nagsabi, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli't Buhay," at di nga papansinin ang tunog ng mga alon na rumaragasa.

³⁷ Yun 'yung klase ng pananampalataya na taglay ng nanay ni Moises. Siya ang nagturo sa kanyang anak at pinalaki niya siya sa palasyo ni Faraon, itinuturo sa kanya na ipinanganak siya para sa isang layunin, na tinugon ni Jehovah ang panalangin ng nanay. At, ang nanay. . . ang bata nga'y wala nang mas iinam pa na magtuturo. Yun ang tumulong sa paghubog ng pagkatao ni Moses.

³⁸ Sa palagay ko si Abraham Lincoln ang nagsabi minsan ng pahayag na parang ganito. . .

³⁹ Ngayon, di po ako Democrat o Republican, ako po'y isang ano lamang. . . isang Cristiano. Dahil, sa palagay ko 'yung isang partido'y wala silang bagay na masasabing masama dun sa isa pa; dahil pareho lang na may katiwalian. Pero, heto nga pong si Abraham Lincoln, sa akin lang po, ay isa sa. . . at isa sa naging pinaka dakilang Presidente na nagkaroon ang Estados Unidos; kabilang na si Washington, at ang iba pa.

40 Dahil, si Abraham Lincoln ay masama 'yung—'yung naging pasimula niya. Mahirap siya. Wala siyang karanasan, kung ang pag-uusapan ay edukasyon, o—o kung anong malaking bagay, o pera, o kung ano man na nakatulong sana sa kanya, di tulad ni Washington. Si Washington ay nakapagtapos ng kolehiyo, at siya—siya ay maalam; isa siyang nakapag-aral na lalaki, isang dakilang lalaki, sa simula't sapul. Pero si Lincoln ay pinalaki sa isang munting kahoy-kahoy lang na dampa, sa malawak na kabukiran ng Kentucky, at walang sahig 'yung munting kahoy-kahoy na dampa, na nakatayo na ngayon bilang bantayog dito sa Louisville ngayon. Pero, dahil likas siyang dakilang lalaki, haya't nag-aral siya na makapagsulat, sa mismong bukirin na inaararo niya, para makapagtanim ng mais.

41 Pero sasabihin ko po ito sa mga kabataan. Alam n'yo ba na si Abraham Lincoln ay di siya nagmay-ari ng anumang libro sa buong buhay niya, hanggang sa mag-dalawampu't isang taong gulang siya't, ang mayroon lang siya noon ay Biblia at 'yung aklat ni Foxe patungkol sa mga martir? Kita n'yo, 'yang bagay na binabasa n'yo ang humuhubog sa katauhan n'yo. Di na nga nakapagtataka kung bakit napakarami nating mga nerbiyoso sa panahon ngayon; dahil diyan sa mga walang katuturan na mga babasahin na kathang-isip lang, at mahahalay at walang pakinabang, na ibinebenta sa istante ng mga babasahin. Ang tanging pagmamay-ari niya ay ang Biblia at ang aklat ni Foxe patungkol sa mga martir. Tingnan n'yo ang naging katauhan niya!

42 Pero sa lahat nga ng kinaharap niyang 'yun, isang araw ay binitiwang niya ang isang pahayag na parang ganito. Sabi niya, "Kung may isang mabuting bagay na masusumpungan sa akin, ay dahil nga 'yun sa isang maka-Diyos na ina," na nagpalaki sa kanya para maglingkod sa Panginoon.

43 Kita n'yo, ang isang bata'y nakikinig sa kanyang nanay; may kung anong munting iniiwang marka ang nanay na 'yun, na ang bata ay nakikinig sa kanya. Kapag ang bata'y nasaktan, magpupunta't magpupunta nga ito sa nanay niya para tumahan bago ito magpunta sa tatay. Dahil, ang nanay ang naging una roon, alam n'yo. At may kung anong espesyal na kaloob ang Diyos na ibinigay sa nanay, para maging ganoon; na maging tunay na nanay. Ngayon, naniniwala po ako na ang mga nanay ay karangalan at ukol sa Diyos.

44 Pero naniniwala po ako, na itong Araw ng mga Nanay, na katulad nito, ay isang panloloko, na nagkakamal ng maraming pera mula sa mga bulaklak at iba pang bagay. Haya't ang araw po ng mga nanay ay dapat araw-araw. Di 'yung magpapadala lang sa kanya ng buntong bulaklak sa Araw ng mga Nanay, pero 'yung ibigin nga siya't asikasuhin siya nang tatlong daan at animnapu't limang araw at gabi, sa buong santaon. Pero, heto nga, ang daigdig ng komersiyo na sila na ang may kontrol sa

mga bagay na gaya nito, at tuloy ibinababa nito—nito—nito ang kahalagahan ng isang nanay.

“Oh, buweno, nung nakaraang Araw ng mga Nanay ako’y nagpadala sa kanya ng buntong ng mga bulaklak.”

⁴⁵ Mas magugustuhan pa niya, nang mas higit, kung mauupo kayo at makikipagkuwentuhan sa kanya nang kaunti, sulatan siya, yakap-yakapin siya sa balikat, hagkan siya sa pisngi, sabihin sa kanya na mahal na mahal n’yo siya. Mas malayong mainam ’yun kaysa sa lahat ng mga bulaklak na mabibili n’yo mula sa nagtitinda ng bulaklak. Totoo ’yan.

⁴⁶ Sa pagkakaalala ko naroon ’yun sa Ten Commandments, ng namayapa nang si Cecil DeMille, na sumulat at nagsa pelikula nung isa sa obra maestrang maituturing sa daigdig ng pelikula. At bago ’yun malathala, o maipalabas sa publiko, inanyayahan ni Cecil DeMille sina Oral Roberts at Demos Shakarian, at ang ilang mga ministro ng Full Gospel, at pinaunlakan sila sa sarili niyang studio at ipinakita sa kanila ’yung apat na oras ng Ten Commandments, at tinanong sila kung anong palagay nila dun. Ipayapa nga ng Diyos ang kanyang magiting na kaluluwa!

⁴⁷ At nung mapanood ko ’yun, nung matunghayan ko ’yun, at may munting sinabi nga roon na talagang tumimo sa akin. Sa mga nakapanood na po roon, dun nga ’yun nung ’yung anak na babae ni Faraon. . . matapos na matuklasan ni Moises na isa—isa pala siyang Hebreo, at nagpasya siya na manirahan kasama ang kanyang mga kababayan. At doon nga’y nakaupo ang dati niyang magandang nanay, na pinaglipasan na ng panahon, na ’yung buhok niya’y nag-uuban na’t kulubot na ang mukha, na nakaupo roon sa isang lumang silya; isang tipikal na nanay. At ’yung anak na babae ni Faraon ay pumasok. At sabi ng binata, “Kaninong anak ako, kung ganoon?”

⁴⁸ At nung magkaroon na ng linaw, na si Jochebed pala ang tunay niyang nanay. Yung anak na babae ni Faraon, suot-suot ang lahat ng kanyang kolorete’t kung anu-ano pa, at talagang ayos na ayos ang itsura; sabi niya, “Pero, tingan mo! Oo’t siya’y anak mo nga, pero,” ang sabi niya, “Ako ang nagbigay sa kanya ng kayamanan at karangyaan. Wala ka ngang naibigay man lang sa kanya kundi kadustaan sa lusak.”

⁴⁹ Pero ’yung matanda na’t nag-uuban nang nanay ang sabi niya, “Pero ako ang nagbigay sa kanya ng buhay.” Yun nga ang kaibhan. “Ako ang nagbigay sa kanya ng buhay.” Binigyan siya ng Diyos ng Walang Hanggang Buhay. Totoong-totoo ’yun, sa isang nanay!

⁵⁰ Minsan sinasabi sa akin ng mga tao, madalas sa malakihan kong mga gawain, lagi raw kasing “nangangaral ako patungkol sa pagkabuhay na mag-uli.” At heto ngang binasa ko ang isang teksto ngayong umaga, sa ika-15 at ika-4 na talata ng Unang Mga Taga-Corinto, patungkol sa pagkabuhay na mag-uli.

51 Pero, nakikita n'yo, 'yung kung paano ang pagtingin nila sa nanay sa panahon ngayon, na may plorera ng mga bulaklak na nakalagay sa tabi ng isang matandang babae, na matanda na't di na makatayo, marahil, at nanghihina, at inuuban na, at puno ng kulubot, at nakaupo sa isang silya. Totoo naman 'yan. Pero gusto ko pong dalhin itong paksa ko't magpinta ng panibagong pagtingin sa larawan na ito ng pagiging nanay.

52 May nagsabi noon, "Masyado mong ipinapangaral 'yang pagkabuhay na mag-uli na 'yan. Lahat na halos ng Mensahe mo ay may kalakip na patungkol sa pagkabuhay na mag-uli."

53 Aba, nararapat lang. Ito ang—ito ang pangunahing dakong pinaglalagakan ng Ebanghelyo. Ano pa man ang mga bagay na nagawa Niya, kung di Siya nagbangon mula dun sa patay, kung ganoo'y ang lahat ng mga ito'y walang kabuluhan. Ito, para sa akin, ang patunay na Siya talaga ang Diyos. Pinatutunayan ang bawat pahayag na sinabi Niya; itong pagkabuhay na mag-uli! At ito rin ang dakong pahingahan ng kaluluwa. Ito ang punto ng paninimula. Ito ang pagpuputong para sa ating kaaliwan.

54 At sa punto ngang 'yun na Siya'y nasaksihan na natin na nagbangon mula sa patay, inilalagay tayo nito, suot-suot ang baluti ng Ebanghelyo, sa harapan ng labanan, para lumagi sa ating posisyon, para makipagbaka. Dahil nababatid natin na sinabi Niya, "Siya na maiwaglit ang sarili niyang buhay dahil sa Akin ay masusumpungan ito muli."

55 At iniisip ko na ito ang dakilang pagpuputong ng Buong Ebanghelyo, itong pagkabuhay na mag-uli, at ang Makalangit na mga pangako nito, at ang kaaliwan na ibinibigay nito sa mga sumasampalataya rito. Dahil, ipinapangako nito mismo ang dakilang pakikipaglakip ng ating pagsasama-sama muli sa isa't isa. Ipinapangako nga nito, at maging ang—ang pagparam ng lahat ng pagkakasala. Ipinapangako nito ang pagparam ng lahat ng kasiraan, lahat ng mga paghihirap na dinanas natin dito, na pinagdaanan natin, sa buhay na ito. Ipinapangako nga nito, at ang tuluyang maparam ang lahat ng ito. Ipinapangako mismo nito na maging kamatayan ay mawawalan ng kapit, at tayo'y babangon sa wangis ni Jesus. Kaya, sa aking opinyon, ang pagkabuhay na mag-uli ang pinaka dakila sa lahat ng mga ipinangakong mga bagay sa Kasulatan. Doon nga'y tinapos at tinatakan ito.

56 At nung nakaraang Pasko ng Pagkabuhay, ipinangaral ko ang limang bagay nito ng:

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa
pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayo
yaring pagkakasala;
Pero, sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y
ariing ganap nang walang bayad kailanman.

⁵⁷ Yan nga ang mismong Araw para sa akin, ang dakilang Araw sa lahat ng mga araw! At ang makita kung anong halaga nito, para sa ating lahat, ang pagkabuhay na mag-uli, habang nagpapagal at naghihintay tayo para sa pinagpalang Araw na 'yun sa lahat ng mga araw!

⁵⁸ Nagbibigay ito sa atin ng pangako na balang araw sila na mga matatanda't, nanghihina't, masasakitin, na mga ubanin, na mga nanay na marami ng pinsala sa kanila ay babaguhin. Di lang ang nanay ang uupo roon, sa sarili niya, bagkus ang buong pamilya pa nga niya kasama siya.

⁵⁹ At grabeng maluwalhating araw 'yun! Grabeng panahon nga 'yun, na matutunghayan natin dun ang mga mukha ng mga minamahal nating lubos! Grabeng pagbabago 'yun sa umaga na 'yun, na makikita natin ang mga mahal natin sa buhay, at—at ang matunghayan kung ano na bang itsura nila roon! Lahat ng pagdadalamhati ay iwawaglit na roon. Lahat ng mga pinsalang dulot ng paghihirap ay hihinto na roon. Wala nang maputlang mga pisngi ng kamatayan. Wala nang luha sa mga mata. Lahat ng ito'y ipinapangako ng pagkabuhay na mag-uli. Wala nang paglilibing. Wala nang patapik-tapik sa pisngi ng sanggol, na nanigas na't naging parang bato na; na inebalsamo ng taga-pangasiwa ng paglilibing, at inayusan at nilagyan ng kulay, at kung anu-ano pa, para magmukhang natural. Hindi na 'yun kakailanganin pa uli, roon.

⁶⁰ Heto rin na naiisip ko sa panahon na 'yun na makikita natin sila na nakatayo sa ibayo na 'yun, mga mahal natin sa buhay, ang ating mga nanay, ating mga kamag-anak, lahat ng ating mga kaibigan; at ang makita sila sa kanilang imortal na mga katawan, makalangit nilang mga katawan; makikita natin ang kanilang katangian doon, makikita natin kung paano nila dalhin ang sari-sarili nila nang may kaluguran at katiwasayan, na wala nang pagka-nerbiyos o pagkabigo. Ang makita nga sila na nakatayo roon sa wangis ng Panginoong Jesus, magiging isa ngang kahanga-hangang araw 'yun.

⁶¹ At bawat isa sa atin, sa ating pagbubulay, ay nananabik tayo at nag-aasam para sa oras na 'yun ng kaaliwan, na katatagpuin na natin sila. Bawat isa'y iniisip ang kanilang mahal sa buhay, marahil ang nanay nilang nauna na. At grabeng maluwalhating araw nga 'yun, sa oras na makikita n'yo siya muli! At si tatay, at si kapatid na lalaki, at si . . . lahat ng mahal sa buhay, grabe ngang maluwalhating araw 'yun!

⁶² Ako ma'y napapaisip, rin, mismo ngayon. Iniisip ko po ang aking pamilya, kung ano bang dating nun sa akin sa Araw na 'yun.

⁶³ Iniisip ko, na sa umagang 'yun ng pagkabuhay na mag-uli, marahil ang unang sasalubong sa akin ay ang munti kong si Sharon. At hindi, hindi na siya mangangatal pa. Hindi na

makapapasok ang diyablo sa dakong 'yun. Di kayang salingin ng anumang meningitis ang Lupaing 'yun. Siya nga'y di na mamamaalam pa sa akin. Yung munti't, asul na mga matang 'yun, ay iindak-indak habang inilalahad niya ang kanyang mga braso para yumakap at sisigaw ng, "Daddy!" Lubos-lubos ang kagalakan ko na makita siya, ang malaman na hindi na siya mamamatay pa kahit kailan; ang malaman na tapos na ang lahat, ang dahilan kaya't puspusan na lamang ang pangangaral ko patungkol sa pagkabuhay na mag-uli.

⁶⁴ Pagkatapos makikita ko ang kanyang nanay, ang nanay ni Billy, na anak kong lalaki. At napakarami ko ngang mga alaala ng kahapon na di mawaglit sa isipan ko. Naalala ko kung araw na buhay pa't dadalhin ko na siya; o ni G. Combs, dito, nung isinakay niya siya sa huling pagkakataon, at nakasunod ako sa likuran niya, sakay ng isang kotse. Noong mga oras na 'yun na binabagtas namin itong Seventh Street, sa dako riyan; si Billy, ay labing-walong buwan pa lang noon.

⁶⁵ Nung mga oras ngang 'yun noong pinapasok nila si Billy doon pa lang sa kalsada, at tinulutan nilang makita siya ng nanay niya. At ang nanay niya'y nakaratay roon at umiiyak, at tinitingnan lang ang anak niyang lalaki, pero di siya makalapit sa kanya.

⁶⁶ At pagkatapos dun sa pababa sa kalsada, parating na noon ang mangangasiwa sa paglilibing at bumabagtas na noon sa—sa Seventh Street. Si nanay ko nga rito ang nag-aalaga sa anak kong lalaki nung panahon na 'yun. At ang anak kong lalaki ay nakatayo noon sa bakuran, suot-suot ang pares ng shorts, at munting pulang sumbrero na bahagyang nakatagilid sa kanyang ulunan. At nung mga oras na 'yun ang nanay niya, nakaratay noon sa isang latag, sa likod ng ambulansya na 'yun, na nakatingin sa akin, nung masulyapan niya ang anak niyang lalaki na nakatayo sa gilid ng daan, nalalaman na 'yun na ang huli niyang biyahe; bumangon siya mula sa latag at sumigaw, at iniunat niya ang buto-buto na niyang kamay, para yakapin sana ang kanyang anak doon. Pero hindi na siya nagkaroon ng pagkakataon na mayakap pa siya.

⁶⁷ Oh, isa ngang kagalakan ang makita siya sa araw na 'yun. At hindi, hindi na buto-buto ang kanyang mga kamay doon, at maging 'yung mga pisngi niya'y di na roon lubog. Haya't siya nga'y tatayo roon sa makalangit na kagandahan ng isang reyna ng Kalangitan, at isang nanay. Yung maiitim niyang mata, na kasing itim ng pakpak ng mga uwak, ay iindak-indak sa galak. Hindi na siya kukuba-kuba dun; na anupa't, ang diyablo ng TB ay di na makapapasok sa Lupaing 'yun. Bagkus, imortal na't, tatayo sa Kanyang wangis.

⁶⁸ Iniisip ko nga, na heto, ang kasunod na kakatagpo sa akin ay si Edward, na ang tawag namin sa kanya ay "Humpy," 'yun ang

palayaw niya. Siya ang kauna-unahan sa malaking siyam-na-dugtong na kadena, ng kadena ng pamilya Branham. Siya ang unang dugtong na kumawala; ang sumunod po sa akin. Makikita ko si Edward na tumatakbo papalapit sa akin. Heto ngang, namatay siya na batang-bata pa, labing-siyam na taong gulang lang. At sa oras na aabutin ko na siya sa kamay, tiyak ko na marami kaming bagay na mapag-uusapan, patungkol sa aming pagkabata, dahil magkaibigan na magkaibigan kami. Dikit na dikit kami sa isa't isa. Pinasusuot niya minsan ang kanyang damit sa akin, at—at—at mga ganoong bagay, gaya ng ginagawa ng sanggang-dikit na magkapatid. Isang karangalan ang makita ko siya uli.

⁶⁹ At maririnig ko siya na magsasabi ng ganito, “Natanggap mo ba ’yung pasabi ko, Bill? Nagtratrabaho ka noon sa isang rantso ng mga baka, nung panahon na ’yun ng paglisan ko sa mundo. Haya’t doon sa ospital, nagpasabi ako, ‘Sabihin n’yo kay Bill na ayos lang ang lahat.’”

May kaluguran nga akong sasagot, “Oo, natanggap ko ang pasabi mo, dun sa kaparangan.”

⁷⁰ Tapos, sa palagay ko, ang kasunod ay ang aking tatay. Siya ’yung sumunod na dugtong na kumawala, at. . . Di po pala.

⁷¹ Si Charles po pala sa tingin ko ang sumunod na kumawala, isang nakababatang kapatid na lalaki. Naaksidente siya ng sasakyan nung maliit na bata pa lang siya. Hila-hila niya lagi ang kanan niyang binti, sa paglalakad niya. Pero, alam n’yo, kapag nakita ko na siya roon, di na niya hihila-hilahin pa ang binti niyang ’yun. Magiging maayos na ang lahat, titindig doon sa kaningningan ng isang kabataang lalaki.

⁷² At magsasabi siya sa’kin, ng parang ganito, habang ngingiti siya. Sasabihin niya, “Oo, Bill, wala nang aksidente sa dako rito. At naalala ko ’yung gabing ’yun bago ako maaksidente ng sasakyan, kinausap mo ako noon, nakatayo ka noon sa maliit na paarko ng munti nating simpleng bahay,” at tinitingnan ko nga ang ibabaw nun, sa oras na ito. “Kinausap mo ako tungkol sa Panginawon, mga ilang oras bago ako yumao. At naroon ka noon sa may pulpito’t nangangaral noong yumao ako.”

⁷³ Pagkatapos darating ang tatay. Oh, nakikinita ko nga siya. Gayong madalas niya akong hagupit-hagupitin noon, na sapat na kailangan ko naman, pero makikita ko nga ang maitim at paalon-alon niyang buhok, na mas umigi ang tingkad, sa araw na ’yun. At titingnan niya ako, at sasabihin, “Anak ko, alam mo ba, di na nga kailangang tumayo pa si Tatay rito sa may hapag, ano’t anuman, na gutom, para ipaubaya ang pagkain sa mga anak niya, dahil dito sagana tayo rito. Wala nang anong kulang na hahanapin pa rito.”

⁷⁴ Haya’t saksi ako noon sa kanyang pagtratrabaho, anupa’t sa singkuwenta o pitumpu’t limang sentimo lang kada araw,

at siya nga'y tatayo mula sa hapag para ipaubaya ang pagkain sa mga anak, babalik uli sa trabaho. At puspusan ang kanyang pagtratrabaho na anupa't 'yung kamiseta niya'y dumidikit na sa kanyang likod dahil sa tindi ng sikat ng araw, at si nanay ay kinakailangan pa niyang gupitin 'yun ng gunting para maalis.

⁷⁵ Maririnig ko nga siyang sasabihin niya ang ganito, "Bill, naaalala mo pa ba nung gabing 'yun nung ikaw at si Kapatid na George ay sumadya para ipanalangin ako nung ako'y payao na noon? Alam mo, sinabi ko kay nanay mo na may dalawang puting mga Anghel na nakatayo sa may higaan, at isang pulang anghel sa may paanan naman. At sinusubukan nung pulang anghel na kunin ako, pero 'yung puting Anghel ay namagitan. Kanilang dinala ako sa Tahanan."

⁷⁶ Tapos, hayan din, ang kasunod na dugtong na kumalas, o yumao, hetong paparating si Howard. Makikita ko si Howard; kami nga'y nagkasama sa pagbagtas sa buong bansa, saanmang dako; tinawag na maging ministro; napaka ganda ng katauhan, pero hinahadlangan siya ng mga kasamahan niya. Yung huling pakikipag-usap ko sa kanya, ang sabi niya, "Kung ako'y yayao na, Bill. . ."

⁷⁷ Nakita ko—nakita ko ang pagyao niya, sa pamamagitan ng isang pangitain, mga apat na taon bago siya tuluyang yumao. Nabanggit ko sa kanya na nakita ko na nilalagyan ni Tatay ng pananda 'yung libingan niya at ipinapahiwatig na siya na ang kasunod.

⁷⁸ At ang sabi niya, "May isang bagay na gusto kong gawin mo para sa akin." Sabi niya, "Nadungisan ko ang buhay ko. Nakasal ako sa ganito't lahat na. Di ko—di ko alam kung ano ba itong nangyayari."

Sabi ko, "Nananampalataya ka ba sa Kanya, Howard?"

⁷⁹ Sabi niya, "Nang buong akong-ako, nananampalataya nga ako sa Kanya." Mga dalawa o tatlong araw bago siya yumao, nagbalik-loob siya sa Diyos, kina Kapatid na Neville at sila na mga naroon. At sabi niya, "May isang bagay akong gusto kong gawin mo. Sa pagyao ko, Bill, paawitin mo sila para sa akin ng, *'He'll Understand, And Say, "Well Done."*'"

⁸⁰ Naniniwala ako, bago ko kamayan si Howard, narinig ko siya na tumigil pansumandali at tumingin sa akin, ang sabi, "Bill, Kanya ngang nauunawaan."

⁸¹ Pagkatapos nun, hetong darating sina Kapatid na Seward, Kapatid na Frank Broy, Kapatid na George DeArk. Oh, ganun na lamang kahalaga ang pagkabuhay na mag-uling ito sa akin. Ganoon na lamang ang pananabik ko sa dakilang oras na 'yun ng pagpuputong. At habang nagsisimulang kumalat ang ilaw ng Liwanag, "Magkakakilala tayo roon gaya ng pagkakakilala natin sa isa't isa rito." Mauunawaan na natin, at—at maaalala

natin 'yung mga kakilala natin at sila—sila na mga nauna na sa atin doon.

⁸² At—at marami, marami ang naroon na di natin iniisip na naroon pala sila. Dahil, alam n'yo, 'yun 'yung mismong sandali, na naniniwala ako na 'yung “tinapay na inihasuk natin sa tao, sa nagugulumihanang tubig, ay babalik at babalik sa atin sa Araw na 'yun.” Sa oras na 'yun ay makikita natin ang bunga ng ating pagpapatotoo, sa mga tao na di nga natin maintindihan noon ang kanilang reaksiyon Dito, na malaman na sila'y naroon pala. Grabeng maluwalhating Araw nga ito!

⁸³ At tapos, heto rin, na 'yung mga binhi na ating inihasuk, na di natin iniisip kung ano bang gagawin nila rito, pero heto nga sila. Sila pala'y nagbunga ng magagandang bunga, at makikita natin sila sa Araw na 'yun, mga naliligaw natin noong mga mahal sa buhay at mga kamag-anak.

⁸⁴ At iniisip ko nga ngayon ang libo-libo na nasaksihan ko na mga nagbagong-loob, oo, na nasa milyon na ngayon, at parami pa, at kung ano ang naging ministryo nila. Oh, ganoon na lang kaluwalhati ang pagkabuhay na mag-uli. Aabutin ng Walang Hanggan, para makalibot, makikipagkamay at malalaman ko roon ang mga bagay na di ko pa alam ngayon.

⁸⁵ Doon nga'y naroon ang mga matatanda't nag-uuban nang mga nanay, na kayo'y may nakakabit na puting mga bulaklak sa inyong mga damit ngayon, na makikipagkita sa inyo, at sila nga'y magsisigandahan dun. Di na sinasagisag ng isang plorera ng bulaklak, o kung anong litrato ng isang tao na nag-uuban na; bagkus nasa wangis na ng karikitan ng pagkabuhay na mag-uli, sila'y titindig sa wangis ni Cristo, sa kanilang makalangit na mga katawan, batang-bata't magpakailanman ang karikitan. Tunay, 'yun ang kapahingahan. Yun ang Araw ng mga nanay na hinihintay ko. Yun mismo ang pagpuputong. Hindi bulaklak ng incarnacion na nakasabit sa dibdib, kundi pagpuputong ng kaluluwa, dahil binago na siya ng Diyos!

⁸⁶ Iniisip ko ang sarili kong nanay, matanda't mahina na, at may pangangatog dahil sa palsy. Di na siya mangangatog sa Araw na 'yun. Ibang-iba na roon. At 'yung malaking Liwanag dun ay magsisimulang kumalat, habang nagsisimula tayong tumingin-tingin sa paligid, at 'yung malaking bilog na 'yun ay magiging mas malaki't mas malaki't mas malaki. Sadya ngang ipaaaninag ang pagparoon ni Jesus. “At di magtatagal,” gaya ng sinasabi ng awitin, “at makikita ko nang muli si Jesus.”

Kanyang hihintayin ako,
Ni Jesus na mabuti't totoo,
Sa Kanyang marilag na Luklukan, Kanya
akong tatanggapin sa Tahanan
Matapos na ang araw na ito'y pumaram na.

⁸⁷ Pagkatapos habang nakatingin tayo sa Kanya, at di na nga tayo magiging ganito sa katayuan natin ngayon. Tayo'y—tayo'y may pagkaalam na kung paano Siya ibigin nang mas lubos pa. Di na tayo titindig na may halong kaunting pagkatakot, dahil, tayo'y magiging kawangis na Niya. Buweno, Siya'y magiging parang mas kamag-anak ang dating Niya sa atin doon kaysa sa Siya ngayon sa atin. Mas mauunawaan natin Siya nang lubos. Dahil, tayo'y malayo na, mula sa mga mortal na katawang ito; anupa't ang katawan na natin ay gaya na ng maluwalhati Niyang katawan. Mas maalam na tayo kung papaano ba Siya sambahin. At doon ay makikita natin kung anong ginawa sa atin ng Presensya ng Kanyang Persona, na nagbago sa atin; ang mga matatanda'y balik sa kabataan, lahat ng kabaluktutan ay tinuwid na. Oh! Mas mapagtatanto natin doon kung bakit pinagagaling tayo ng Kanyang kapangyarihan.

⁸⁸ Ang katanungan nga na narito sa ating isipan, “Papaano Niya kaya 'yun ginagawa? Ano kayang ibubunsod *nito*?” Sa kung anong paraan, na di malirip, ang lahat ng mga 'yun ay mapaparam. Yang mga buhol na napulupot diyan sa kalamian ng ating pag-iisip, “Ganito ba ang mangyayari rito? Papaano 'yun mangyayari?” Sa kung anong paraan, o sa kung ano pa, may marilag na mga daliring mag-aalis sa pagkakabuhol na 'yun, tatanggalin ang mga buhol, at ang lahat ay paparam sa isang malaking putong ng pag-ibig.

⁸⁹ Pagkatapos makikita na natin Siya. Pagkatapos tayo'y magiging kawangis na Niya. Pagkatapos sasambahin natin Siya. Pagkatapos makikita natin si nanay kung paano nga ang pagkakalayon ng Diyos sa kanya.

Ang nanay ay di kumpleto Roon nang wala ang kanyang pamilya.

⁹⁰ Dahil, 'yung pinaka espesyal na panahon ng buong buhay niya ay ang makita ang kanyang mga anak sa palibot ng hapag, at lahat sila ay malulusog at masasaya; at—at—at ang makita siya na nagsasalin ng kape, o anumang ginagawa niya, at hinahanda ang hapunan, at siya at ang tatay ay nakaupo roon. Haya't, 'yun nga mismo ang pinaka masayang oras sa buhay ni nanay, ang makitang buo ang kanyang mga anak sa tahanan.

⁹¹ Ngayon, huwag n'yong palalampasin, huwag na huwag n'yong palampasin ang Araw na 'yan. Na ang malaking kadena ng inyong pamilya ay maidugtong sa isa't isa, dugtungan sa dugtungan. Na ang bawat maliit na bahagi ay mapabilang doon sa ruweda. Pagkatapos sa panahon na 'yan ay mauupo tayo na kasama ang ating mga pamilya't mga grupo, sa buong lawak ng silungan ng Walang Hanggan, grabeng maluwalhating Araw nga 'yun! Doon ay mapag-uunawa natin.

⁹² Siya mismo ang nangako nito, sa Apocalipsis 1, kung saan ang sabi Nito, na, “Isang matalas na tabak na magkabila ang

talim ang lumabas sa Kanyang bibig.” “Siya’y tinawag na Salita ng Diyos.” At sa siya ring mga labi na ’yun ay namutawi, na sinabi, “Ako Siya na buhay, na dating patay; at Ako’y buhay na ngayon magpakailanman.” Sa siya ring mga labi na ’yun, sa San Juan 6, tatlum-. . . ganito ang sabi roon, na, “Wala Akong maiwawala na anuman, sapagkat Aking ibabangon ito muli sa huling mga araw.” Siya nga ’yan na nagbigay ng pangakong ito; ang siya ring kalugud-lugod na mga labing ’yun. Siya ang Siya na ’yun na nagligtas sa atin, na Siyang nagpapagaling sa atin, na Siyang tumubos sa atin, at Siyang magbabangon sa atin sa huling araw.

⁹³ Kung kayo ’yung mumunting mahihinang dugtungan na napawalay sa malakihang pagkikita-kita ng pamilya sa Araw na ’yun, nawa ang Diyos ng Langit, sa umagang ito, ay sa kung anong di malirip na paraan, ay tanggalin ang pagkakabuhol na ’yun na tumali sa iyong isipan, at ihayag sa iyo ang pag-ibig na mayroon Siya para sa iyo, at nawa’y lumapit ka na nang may kaluguran para maglingkod sa Kanya.

Habang binubulay natin ang mga bagay na ito, tayo po’y manalangin.

⁹⁴ Bago tayo tuluyang manalangin, at habang nakayuko ang inyong mga ulo, may bagay na itatanong ako sa inyo. Kayo ba’y nagnanais, sa Araw na ito ng mga Nanay, na muling ilaan ang inyong mga buhay nang panibago sa Kanya, na nakatuon na nang may pananabik sa pagkabuhay na mag-uling ’yun? Inyo bang maitataas ang inyong mga kamay sa Kanya? Habang ang bawat isa. . . Pagpalain kayo ng Diyos.

⁹⁵ May makasalanan po kaya rito sa oras na ito, na nagnanais magsabi, “Oh Diyos, di pa po ako nakadugtong sa dugtungan na ’yun. Ako ang nawawalang ’yun na di pa nakakabit doon sa oras na maghanap-hanap doon si nanay sa Kaluwalhatian. Di nga ako mapapabilang dun, dahil di pa ako nakikipag kasundo sa Diyos. Wala pa sa akin ang pag-asa ng Buhay na Walang Hanggan. Pero ngayon akin—akin ngang ninanais na gawin na ito?” Magagawa n’yo bang itaas ang inyong kamay, sabihin, “Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham, sa oras na ito mismo. Nagnanais ako na maisama sa pananalangin, dahil may mga mahal ako sa buhay sa kabilang ibayo ng dagat, ng dagat ng Buhay, at nagnanais ako na makita sila?” Itaas n’yo lang ang inyong mga kamay.

⁹⁶ O may tumalikod marahil sa pananampalataya rito, at may pagnanais na makapanumbalik sa araw na ito, at magsasabi, “Panginoon, muli kong iniaalay ang aking sarili sa Iyo; ako nga’y dumudulong para papanumbalikin muli ang aking tipan sa Iyo,” magagawa n’yo bang itaas ang inyong mga kamay?

⁹⁷ Makalangit naming Ama, habang papalapit nang papalapit, ang paglipas ng araw na ito’y nagpapalapit pa nang husto sa

dakilang kaganapan na 'yun. At kami po'y naobligang, na bawat taon, ay makita namin ito na sinasagisag lamang.

⁹⁸ Katulad nung mga tao noon na nagpupunta sa Jerusalem sa Araw ng Pentecostes, at para dun sa paglilinis ng tabernakulo at ng dakong santuwaryo, at—at sa pag-aalay ng hain para sa kasalanan; taon-taon ay pinagugunita sa kanila, na sa tuwing may kordero na mamamatay roon, na darating ang panahon na ang Cordero ng Diyos ay mamamatay, para ilayo't ihiwalay ang pagkakasala. Sa bawat pagkakataon na 'yung munting hayop na 'yun ay umiiyak, at 'yung dugo ay tumitilamsik sa kanilang mga kamay, pinagugunita nga sa kanila na darating ang isang araw na may darating na Cordero ng Diyos, na sisigaw, "Eli, lama . . . ? Eli, lama . . . ?" doon sa krus.

Dalangin ko, Diyos, na sa pagtunghay po namin ngayon at makikita na . . .

⁹⁹ Nitong huling ilang mga linggo, bago kami lumuwas sa Iyong gawain, pa-California, ito ngang Indiana ay naiwan halos na nakatiwangwang at patay, at para ngang walang buhay, tila бага. Yung mga bulaklak ay nangamatay nung taglagas. Yung mga dahon ay nagsilaglagaan na sa mga puno. At 'yung dagta na naroon sa mga puno ay nagsipuntahan na sa mga ugat, at ang lahat ay patay.

¹⁰⁰ Pero heto nga ang isang panahon na ang araw ay nagsimula nang suminag sa ibang paraan. Ang siya ring araw na 'yun na suminag nung taglamig, pero heto nga ang mga elemento na iba na't iba na ang kanyang pagsinag. At sa pagsinag na 'yun ng araw, kalakip ang mga elementong ito, sumibol ang buhay, sa lahat ng dako. Nanumbalik ang mga dahon sa mga puno. Yung dahon . . . Yung buhay na umalis dun sa dahon, at kaya naman ang dahon ay nagsilaglagaan, pero 'yung buhay nga'y bumaba roon sa lupa; ito'y nanumbalik na sa bagong kagandahan nito, sa yabong ng kanyang kabataan. Yung bulaklak na isinuko ang kanyang—kanyang samyo, na isinuko ang kaakit-akit niyang kariktan haya't nalaglag sa lupa; iniluwal, yumabong uli sa kabataan nito, taglay ang bagong samyo.

Anong pinagugunita nito sa amin, Panginoon, sa mga oras na ito?

¹⁰¹ At ang kalupaan na naiwang mapanglaw, na walang buhay na disyerto, ay naging paraiso muli ng kagandahan, at ang mga bubuyog at ang mga ibon ay nagsisiawitan, at ang lahat ay may kasiyahan sa puso, at 'yung mga punongkahoy ay—ay hayang kumakampay-kampay sa mga hangin ng mainit na simoy ng tagsibol. Ang init at galak ay nanumbalik muli sa lupa, dahil sa araw, a-r-a-w.

¹⁰² Pero darating ang araw na ang A-n-a-k ay darating na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak, at 'yung mumunting mga buhay na kumubli tulad ng dagta sa loob ng puno, papunta dun

sa lupa, kagaya ng—ng buhay na naroon sa binhi ng bulaklak, ito nga’y yayabong na panibago muli, na di na mapaparam pa. Oh, ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo para rito!

¹⁰³ At heto po na maraming, maraming mga kamay ang nagsi taas ngayong umagang ito, dahil nababatid nila na sa kabilang ibayo ng tabing doon, ay may espesyal na bagay. Nananabik sila na makita ang kanilang nanay. Nananabik sila na makita nila ang mga mahal nila sa buhay at ang mga kakilala nila, at malaman ang lahat ng kung paano nga ba, kung papaano sila nakarating dito, at ang lahat sa nagdaang mga kapanahunan. Lahat ng ’yun ay nakalagak sa likod ng lihim na tabing. At balang araw Ika’y darating. At itinataas nila ang kanilang mga kamay; sila—sila—sila—sila nga’y may pagnanais na makatiyak, Panginoon. Ipinanunumbalik na nila ang kanilang mga sarili muli, at ako ma’y ganoon din. Ngayon Iyo pong tulungan kami, Panginoon. Iyong panumbalikin ang aming pananampalataya at aming lakas.

¹⁰⁴ At habang nadadama namin ang nalalapit na pagparito ng Panginoon. At nitong nakaraan na apatnapung taon po lamang, hayan nga na sumambulat ang isang bagong pentecostes sa lupa. Ang Espiritu’y nagsimulang maghayag ng mga bagay-bagay. At heto na nga kami sa huling tanda, bago lamang ang Pagparito. Nalalaman namin na ang pagparito ng Panginoon ay napipinto na. At nakikita mismo namin na ang mga maysakit ay gumagaling mula sa kanilang mga karamdaman, na anupa’t hiwaga sa mundo, nang dalawang libong taon, mula nung araw ng mga apostol. Pero heto nga ito na nagpapakita na muli, may paglitaw ng mga propeta, may pagpapakita ng mga Anghel, mga tanda’t mga kababalaghan. Ano ’yun? Ang pagkabuhay na maguli ay nalalapit na. Ang A-n-a-k ay parating na.

¹⁰⁵ Iyo pong ihanda kami, Panginoon. Iyong itulot sa amin na yakapin namin ang bawat Makalangit na pangako; na huwag naming pagtuunan ng pansin itong maliliit na mga buhol na siyensiya ang may gawa, at kung anu-ano pa, na nagsasabing di ito mangyayari. Iyo pong itulot na unti-unti nilang maalis ang pagkakabuhol, sa umagang ito, sa pamamagitan ng imortal na... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]... habang pumipintig Siya sa buong latag ng Mga Salita ng Biblia ng Diyos, na gaya ng isang instrumento na husto ang pagkakaton, para awitin ang kumpas, “Ako nga Siya na patay noon, at ngayon ay buhay na magpakailanman.” “Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan; ngunit makikita ninyo Ako.” “Dahil Ako ay sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo.” “At mangyayari na sa huling mga araw, sabi ng Diyos, na Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; mga tanda’t kababalaghan; ang mga matatanda’y mananaginip ng mga panaginip, at ang mga kabataan ay makakakita ng mga pangitain,” hayan nga ang tanda ng huling ulan at ng wakas ng

panahon. Iyo pong ipadama ito sa kalagitnaan namin, sa umaga pong ito, Panginoon, at nawa ang aming pananampalataya ay maging matatag na. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.



ARAW NG MGA NANAY TAG59-0510M
(Mother's Day)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Mayo 10, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org